

## PAMAMAGITANAN

Ang Pamamagitanan ay isang mzbuti at mabisang alternatiba ng pamamaraan ng pagpasiya sa pagtatalo. Ito ay pinipili ng OPC para sa ilang reklamo na sinampa sa tanggapan. Sa kahit anong oras ng pamamaraang ito, ang OPC ay maaaring itukoy ang reklamo sa Pamamagitanan.

Ang pamamaraan ay lihim at harap-harapang pagpulong ng nagreklamo at ang sangkot na opisyal, na pinapatnubayan ng isang tauhan na walang kinikilingan at bihasang magdaos ng Pamamagitanan.

Ang layunin ng Pamamagitanan ay magkaisa ang mga sangkot at humantong sa isang kapasiyahan na sinasang-ayunan ng lahat. Hangarin din nito na magkaintindihan ang opisyal at mga miyembro ng publiko.

## PAG-ABOT SA PAMAYANAN

Isa sa mga pakay ng OPC ay palaguin ang kaalaman sa buong Distrito ng Columbia ang tungkol sa tanggapan, ang layunin nito at pamamaraan sa pagharap ng reklamo laban sa polisiya ng MPD o opisyal ng DCHAPD. Upang palaguin ang kaalaman na ito, ang OPC ay magdadaos ng ibat ibang pamamaraan upang maabot ang pamayanan at ipag-bigay alam sa kanila ang iba't ibang kaalaman tungkol sa tanggapan.

Makipagugnayan sa OPC kung ang inyong organisasyon ay interisado sa isang tagapagsalita ng OPC na dumalo sa inyong pagtitipon, o kung kayo ay interisado magkaroon ng karagdagang kaalaman.

### Kinaroroonan ng Tanggapan:

Ang tanggapan ng OPC ay nasa 14th Street, NW, sa Washington, DC, sa timog kanlurang sulok ng 14th at I Streets.

### Pagtungo sa pamamagitan ng Metrorail at Metrobus:

Ang mga tanggapan ng OPC ay matatagpuan sa gusali na nasa itaas ng labasan ng 14th Street mula sa himpilan ng McPherson Square Metro. Dumadaan ang Kulay Asul at Kahel na tren sa himpilan ng McPherson Square Metro.

Ang mga Metrobus na dumadaan sa malapit dito ay: 54, 80, S2, and X2.

## PAMAHALAAN NG DISTRITO NG COLUMBIA TANGGAPAN NG REKLAMO SA PULISYA



**1400 I Street, NW  
Suite 700  
Washington, DC 20005**

**Tel: (202) 727-3838  
Fax: (202) 727-9182  
24-Oras Toll-Free Hotline:  
(866) 588-0569**

**[www.policecomplaints.dc.gov](http://www.policecomplaints.dc.gov)**

Ang **Tanggapan ng Reklamo sa Polisiya** (OPC) ay isang ahensya ng Pamahalaan ng Distrito ng Columbia na naglalaan ng makatarungan at walang kinikilingang pagsisiyasat upang malutasan ang mga reklamo sa polisiya laban sa mga opisyal ng **Kagawaran ng Lungsod ng Polisiya** (MPD) at **Pamahayang Kapangyarihan ng Kagawaran ng Polisiya ng D.C.** (DCHAPD).



### KAPANGYARIHAN NG OPC

Ang OPC ay may kapangyarihan na tumanggap, mag-siyasat at magbigay kalutasan sa mga reklamo ng publiko laban sa masamang asal ng opisyal ng MPD o ng DCHAPD kasama na pang-aabuso ng kapangyarihan ng pulis, pati na ang:

- Harassment;
- Paggamit ng hindi makatarungan at labis na puwersa;
- Paggamit ng wika o kilos na panghamak, panghalay at kahiya-hiya;
- Pagmamaltrato o magtangitangi;
- Paghihiganti o pagbanta dahil sa pagsampa ng reklamo sa OPC; o
- Hindi pagsuot ng nararapat na pagkakakilanlan o tamang pagpapakilala ng sarili sa pamamagitan ng pangalan o tsapa kapag ito ay hiniling ng miyembro ng publiko.

Ang mga reklamo ay kailangan isampa kaagad matapos ang pangyayari. Ang nilagdaan at kabuuang Pormularyo ng Karaingan ay kinakailangang matanggap ng OPC sa loob ng 45 na araw mula sa petsa ng pangyayari, upang mabigyan ng panahon ang OPC na suriin.. Sa mga kasong may pinsalang naganap, kailangang idokumento at ilarawan ito ng mga opisyal ng OPC; kailangan din nilang kumuha kaagad ng ang medikal rekord.

Maari din magsampa ng reklamo derecho sa MPD o sa DCHAPD sa mga masamang asal na nakahalimbawa sa itaas o sa kahit na anong isyu nauukol sa pulis.

## PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO

Ang pormularyo ng reklamo at brosyur ay makukuha sa pamamagitan ng:

- **Pagpunta sa OPC** Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am hanggang 5:00 pm sa:  
1400 I Street, NW, Suite 700  
Washington, DC 20005
- **Pagtawag sa OPC** (202) 727-3838
- **Pagtawag sa 24-Oras na OPC, Toll-Free Hotline** (866) 588-0569
- **Pagpunta sa website ng OPC**, [www.policecomplaints.dc.gov](http://www.policecomplaints.dc.gov)
- Pagpunta sa kahit na anong stasyon ng MPD

Isumiti ang pormularyo ng reklamo:

- Personal o koreo sa direksiyon sa itaas.
- I-fax sa (202) 727-9182
- Ihulog sa kahit na anong stasyon ng MPD

### PAALALA:

Ikaw ay hindi kinakailangan maging residente ng Distrito ng Columbia o mamayanan ng Estados Unidos para magsampa ng reklamo sa OPC.

Ang OPC ay hindi mag-uusisa tungkol sa, at hindi kinakailangan iulat ang kalagayan sa, imigrasyon ng nagreklamo.

## IMPORMASYON NG REKLAMO

Kapag nagsasampa ng reklamo, isama ang lahat ng posibleng impormasyon, tulad ng:

- Araw, petsa, oras at hustong kinaroroonan ng pangyayari.
- Pangalan, numero ng tsapa, at itsura ng mga opisyal.
- Pangalan, tirahan at numero ng telepono ng mga testigo.
- Uri at numero ng plaka ng sasakyan na sangkot sa pangyayari.
- Iba pang kaalaman na makakatulong at nauukol na pagpapatunay, kasama na ng mga tiket sa trapiko, ulat ng pulis, larawan, o medikal rekord.

## PAMAMARAAN NG REKLAMO

Kapag natanggap ang kabuuang at nalagdaang pormularyo ng reklamo, ito ay susuriin upang malaman kung ang OPC ay may kapangyarihan upang mag-siyasat.

- Magtatalaga ang OPC ng tagasiyasat, kung may imbistigasyon, Maaring itukoy ng OPC ang ibang reklamo sa *Pamamagitanan*.
- Kung ang reklamo ay inimbistigahan, ang tagasiyasat ay makikipanayam sa mga saksi, maglilikom ng mga dokumento, at maghahanda ng buod ng pagsisiyasat.
- Kung ituro ng pagsisiyasat na may pagkakasala ang pulis, ang reklamo ay ilalahad sa isang malayang opisyal, na siyang magbibigay ng kasulatang hatol o kapasiyahan.